| | TAMANG SAGOT (TS)<br>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular | |
|---|---|---|
| | **Circular No.** | **2022-0029** |
| | **Title** | **Accreditation of Health Care Professionals (HCProfs)** |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| 1. Gaano katagal ang pagproseso ng aplikasyon para sa accreditation ng isang health care professional (HCProf)? | Ang pagproseso ng aplikasyon ng isang HCProf ay dapat naaayon sa batas na R.A. No. 11032 o ang Ease of Doing Business (EODB) and Efficient Government Service Delivery Act of 2018. |
| 2. Saan maaaring magsumite ng aplikasyon para sa accreditation ng isang HCProf? | Maaaring isumite ang aplikasyon sa pinakamalapit na PhilHealth Regional Offices (PROs) o Local Health Insurance Offices (LHIOs).<br><br>Maaaring makita sa website ng PhilHealth ang kumpletong listahan ng mga tanggapan o i-click ang link na ito.<br><br>https://www.philhealth.gov.ph/about_us/map/regional.htm |
| 3. Ano ang mga paraan ng pagsumite ng aplikasyong? | Maaaring magsumite ng aplikasyon online o personal na pagbisita sa pinakamalapit na PROs o LHIOs. |
| 4. Ilang taon ang validity ng isang accreditation period? | **Para sa inisyal na aplikasyon o re-accreditation:**<br>Mula sa araw ng aplikasyon na may kumpletong requirements hanggang sa huling araw ng validity ng PRC License.<br><br>**Para sa Renewal:**<br>"Continuous validity" hanggang sa huling araw ng validity ng PRC License. |
| 5. Mayroon bang accreditation fee ang mga HCProfs na mag-a-apply ng initial/renewal/re-accreditation? | Walang accreditation fee na dapat bayaran. Ang tanging binabayaran lamang ay ang premium contribution bilang isang miyembro ng PhilHealth. |
| 6. Kailangan pa bang magbayad ng premium contribution ang isang HCProf na lifetime member na nag-a-apply ng accreditation? | Oo, ito ay alinsunod sa PhilHealth Circular Nos. 2019 0009 at 2019-0010. |
| 7. Ilang buwan ang dapat bayarang premium contribution upang mabigyan ng PhilHealth accreditation ang isang HCProf? | Bilang isang Direct Contributor ng PhilHealth, maaaring bayaran kahit isang (1) buwan na kontribusyon kung kailan isusumite ang aplikasyon para sa accreditation. Ngunit, dapat siguruhing updated ang pagbabayad ng kontribusyon upang hindi magkaroon ng penalty at hindi maapektuhan ang accreditation kalaunan. |